



JUL 23 2010

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. **326**, s. 2010

**PAMBANSANG KUMPERENSIYANG PANGWIKA NG KOMISYON
SA WIKANG FILIPINO (KWF)**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Iba Pang Kinauukulan

1. Bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2010, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipag-ugnay sa Kagawaran ng Edukasyon at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon ay magtataguyod ng Kumperensiyang Pangwika sa Bulwagan ng Karunungan ng Department of Education (DepEd), DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City sa Agosto 3, 2010.
2. Ang pangkalahatang paksa ng kumperensiya ay "*Sa Pangangalaga ng Wika at Kalikasan, Wagas na Pagmamahal Talagang Kailangan*".
3. Layunin ng kumperensiya na:
 - a. maisapanahon ang mga kaalamang pangwika;
 - b. mailahad ang mga isyung pangwika na makatutulong sa pagtugon sa mga hamon nito; at
 - c. matalakay ang katayuan ng wikang Filipino ngayon at ang plano sa hinaharap.
4. Ang dapat dumalo sa kumperensiyang ito ay *isang superbisor* sa bawat sangay. Hindi pinahihintulutan ang kinatawang guro. Kung dalawa ang superbisor sa isang sangay, isa lamang ang ipadadala. Mangyaring ibalik ang kalakip na sipi ng pagpapatala sa Sangay ng Impormasyon at Publikasyon, Komisyon sa Wikang Filipino, Watson Bldg., 1610 JP Laurel St., Malacanang Palace Complex, San Miguel, Maynila o kaya tumawag sa telepono bilang (02) 736-3832/(02) 736-0315.
5. Walang bayad ang kumperensiya. Sagot ng Komisyon sa Wikang Filipino ang dalawang meryenda sa umaga at hapon.
6. Ang inyong paglalakad ay opisyal, anumang gastos kaugnay nito ay masingil sa pondong lokal, sa pasubaling may pondo at sasailalim sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.
7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Kalihim



Kalakip :
Gaya ng nasasaad

Sangguniang:
Memorandum Pangkagawan Blg. 11, s. 2008

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
Learning Area, Filipino

R: sally – KWF, Hulyo 20, 2010

(Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 326, s. 2010)

PAMBANSANG KOMPERENSIYANG PANGWIKA

s/p Komisyon sa Wikang Filipino
1610 JP Laurel, Malacañang Palace Complex
San Miguel, Maynila

PROFILE NG MGA KINATAWAN

PANGALAN: _____

(Apelyido)

(Una)

(Mi)

KATUNGKULAN: _____

KURSONG NATAPOS: _____

PAARALAN/TANGGAPAN: _____

ADRES NG PAARALAN/TANGGAPAN: _____

CONTACT NUMBER: (Landline) _____

(Mobile) _____

PAMBANSANG KOMPERENSIYANG PANGWIKA

s/p Komisyon sa Wikang Filipino
1610 JP Laurel, Malacañang Palace Complex
San Miguel, Maynila

PROFILE NG MGA KINATAWAN

PANGALAN: _____

(Apelyido)

(Una)

(Mi)

KATUNGKULAN: _____

KURSONG NATAPOS: _____

PAARALAN/TANGGAPAN: _____

ADRES NG PAARALAN/TANGGAPAN: _____

CONTACT NUMBER: (Landline) _____

(Mobile) _____